ConnectABILITY
A project of Community Living Toronto

# Pagsasanay Sa Pangangasilyas

## 1. Mga Palatandaan ng Handang Mangasilyas

Ang bata ay:

- nagising ang bata na hindi basa ang lampin
- nanatiling hindi basa sa loob ng dalawang oras
- mapapansin ang pagka diskomportable sa basang lampin
- gustong bombahin ang kubeta / gustong umupo sa kubeta
- nagpapahiwatig o sinasabing kailangang pupunta sa kubeta
- masayang ginagaya ang mga matatanda sa pangangasilyas
- alam niya kapag ang lampin ay basa

## 2. Paghahanda sa bata sa pangangasilyas

Pagbuo ng karaniwang gawain sa pangangasilyas:

- palitan ang lampin ng bata sa loob ng banyo
- ipakita sa bata kung paano gumamit ng kubeta ang mga nakakatanda
- itapon ang dumi o tai ng lampin sa kubeta at hayaang bombahin ng bata ang kubeta
- gumamit ng mga salita at larawan at pangalanan ang ginagawa sa larawan (halimbawa: kubeta, serbisyo o arinola, umiihi, tumatai, atbp.)
- pwedeng isanay ang bata na uupo sa kubeta na nakadamit
- basahan ng libro ang bata tungkol sa pangangasilyas: halimbawa " Once Upon a Potty" ni Alona Frankel
- ipasalat sa bata ang lampin at sabihin sa kanya kung ito ay basa o tuyo
- patulungin ang bata sa pagkuha ng bagong lampin at ipatapon sa basura ang gamit na lampin
- makipaglaro kunwari sa bata para masanay sa kaalamang ito, halimbawa: "Fisher Price People" na nasa laruang kubeta o manyika na nakaupo sa serbisyo at arinola
- pagsikapang iwasan ang negatibong reaksiyon sa paglabas ng tai, halimbawa: sa halip na sabihing "ang baho", ito ang dapat sabihin, "Oh naaamoy ko na ang tai".

## 3. Mga ibang Palagay

- dalhin ang bata banyo oras na nabasa ang lampin
- hayaang pagmasdan ng bata ang kubeta bago siya iupo
- ihanda ang bata bago dalhin sa kubeta sa pagpapakita ng mga pinangalanang larawan o mga bagay
- gawing komportable ang banyo, halimbawa: may radyo o musika, laruan at libro
- palitan ng damit panloob ang lampin ng bata paminsan-minsan
- manatiling positibo, palubayin at purihin ang bata sa pagsisikap niyang makatai

Talâ – Kapag ang bata ay naiirita o naiinis na kaparaanang ito, dapat na itong ihinto.Maaring hindi pa siya nakahanda. Repasuhin ang ilan sa paghahanda sa pangangasilyas kapag ang bata ay handa na. (Sinipi sa ibat-ibang pinagmulan.)